# FILIPINO
# 4TH QUARTER
# WEEK 4

Basahin ang maikling talata. Piliin ang letra ng tamang sagot.

Si Cyril ay isang batang masipag. Sa loob ng tahanan hindi na siya kailangang utusan. Ilan sa mga bagay na kaniyang ginagawa ay ang pagdidilig ng halaman, pagpupunas ng mga kagamitan at paghahanda ng hapag-kainan.

Sa paaralan naman ay natutuwa din ang kaniyang guro dahil maaasahan siya sa lahat ng gawain sa paaralan. Kapag naman pauwi na siya at may nakita siyang nakakalat na basura sa daan ay pinupulot niya ito at itinatapon ng maayos sa basurahan.

______1. Sino ang bata sa kuwento?

A. Cyril

B. Cynthia

C. Chris

______2. Saan-saang lugar nagpapakita ng kasipagan si Cyril ?

A. sa bahay, simbahan at paaralan

B. sa bahay, paaralan at parke

C. sa bahay, paaralan at kalsada

LIVEWORKSHEETS

______3. Kailan nangyari ang kuwento?

A. Tuwing umaga

B. Araw-araw

C. Tuwing may pasok

______4. Paano ginagawa ni Cyril ang mga gawain sa paaralan?

A. mabilis at masaya

B. mabilis at maingat

C. maingat at masinop

______5. Anong ugali mayroon si Cyril?

A. mabait

B. masipag

C. matulungin

**Tukuyin kung ang mga salitang may salungguhit sa pangungusap ay nagsasabi ng paraan, panahon at lugar ng pagsasagawa ng kilos.**

1. Dahan-dahang inilagay ni Aliyah ang plorera sa mesa.

LIVEWORKSHEETS

2. Nagpunta si Vincent sa kanilang paaralan kanina.

3. Nagwalis ng bakuran kahapon ng umaga si Andrea.

4. Maayos na itiniklop ni Alexa ang mga labahin.

5. Maraming pagpipiliang pagkain sa karinderya.

LIVEWORKSHEETS